# Balitang Manmin

BILANG 76 ENERO 20, 2013
















# Ang Maalab na Pag-ibig ng Diyos sa mga Kaluluwa – Damang-dama sa Apat na Pangitain ng Manmin sa 2013

Ang Manmin Central Church ay itinatag ayon sa kalooban ng Diyos sa pagwawakas ng panahon. Sa nakaraang 30 taon, ipinapahayag ng iglesya ang ebanghelyo kahit sa pinakamalayong bahagi ng mundo sa pamamagitan ng pananampalataya at pinapupurihan ang Diyos.

Kasama ang may 10,000 mga sangay at katuwang na iglesya, ang Manmin ay hindi huminto sa pagbabahagi ng ebanghelyo sa bansa at pagmimisyon sa buong mundo. Ipinapahayag ng iglesya ang Diyos na Manlilikha, si Jesu-Cristo, at ang mga pagkilos ng Banal na Espiritu sa buong mundo sa pamamagitan ng mga libro, pahayagan, at pagbobrodkast. At kasabay ng mabilis na espirituwal na pagsulong, maraming tao ang naligtas at naging matibay ang pananampalataya, napuspos ang espiritu at naging banal.

Habang lumalaki at dumarami ang mga bagay na inaasahan sa darating na taong 2013, inilahad ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee ang apat na pangitain ng iglesya sa mga mensaheng mula sa Diyos. Simula noong Disyembre 23, 2012, ang mahahalagang bagay ay inanunsyo noong pagsamba ng Linggo ng umaga, magdamag na pagsamba tuwing Biyernes, at pagsamba noong Bagong Taon.

### 1. Kalooban ng Diyos para sa Pagwawakas ng Panahon (1 Kay Timoteo 2:4)

Ipinapakita ng unang pangitain ang pag-ibig ng Diyos na nagnanais na maligtas ang lahat ng tao. Gusto Niyang marinig ng lahat ang tao sa lahat ng bansa ang ebanghelyo ng kabanalan para maligtas. Para mangyari ito, kinakailangan ang dakilang kapangyarihan ng Diyos at ang espirituwal na mga mandirigma. Kaya sa taong 2013, kailangan tayong lalong mapabanal kasama ng pastol para lubos nating maisagawa ang kaloobang ito ng Diyos sa pagwawakas ng panahon.

### 2. Maging Banal (Sa Mga Hebreo 10:22)

Sa darating na Bagong Taon, para lubos na maipahayag ang iglesya at ang kapangyarihan ng Diyos sa lahat ng tao sa buong mundo, magpapatuloy ang Diyos sa pagkilos upang tulungan ang mga miyembro na mapuspos ng espiritu at maging banal. Kaya hindi lang matatag na pananampalataya at pagiging espirituwal ang kailangan natin. Pagsikapan din nating magkaroon ng katapatan at perpektong pananampalataya at paghahangad ng kabanalan.

### 3. Santuwaryong Nagliliwanag (Mga Awit 37:6)

Ang tinutukoy na santuwaryong nagliliwanag ay ang nagpapakita ng tunay na kahulugan nito: isang lugar kung saan nagniningning ang katarungan ng Diyos sa madilim na mundo at tinitipon at binabago ang hindi mabilang na mga kaluluwa. Ito ay maringal at maganda. Pero, alalahanin natin na magiging banal na templo lang ito kung ang mga miyembro ay magliliwanag din. Binigyan ng Diyos ng mas malaking kapangyarihan ang pastol at dinagdagan ang sukat ng pananampalataya ng mga miyembro para maipahayag sa buong mundo ang kaluwalhatian Niya. Sa pamamagitan ng santuwaryong itinatayo ng mga banal na anak Niya sa pangalan ng Manmin, maipapakita ang kaluwalhatian ng Diyos at marami ang maliligtas sa katapusan ng panahon.

### 4. Kapangyarihan (Juan 11:41-44)

Mababasa sa Juan 11 ang tungkol sa muling pagbuhay ni Jesus kay Lazaro na apat na araw nang patay. Kung may kapangyarihan Siyang buhayin muli ang patay, ibig sabihin ay mapagbabago din Niya ang kalooban ng tao para sila ay maligtas. Kung paano binuhay ni Jesus ang taong patay na, gamit ang orihinal na tinig, ginagabayan din ng Diyos ang Manmin Central Church sa pamamagitan ng kanilang pastol. Sa Bagong Taon, muling maririnig ang orihinal na tinig, at ang muling paglikha ay masigasig na sisimulan. Maraming tao ang maliligtas at mas maraming miyembro ang aakayin sa Bagong Jerusalem.

# Kahalagahan ng Espirituwal na Pag-ibig

"Kung ako'y magsalita ng mga wika ng mga tao at ng mga anghel, subalit wala akong pag-ibig, ako'y nagiging isang maingay na pompiyang, o batingaw na umaalingawngaw. At kung mayroon akong kalooban ng propesiya, at nauunawaan ko ang lahat ng mga hiwaga at ang lahat ng mga kaalaman, at kung mayroon akong buong pananampalataya, upang mapalipat ko ang mga bundok, ngunit wala akong pag-ibig, ako ay walang kabuluhan. At kung ipamigay ko ang lahat ng aking ari-arian, at kung ibigay ko ang aking katawan upang sunugin, subalit walang pag-ibig, wala akong mapapakinabang." (1 Mga Taga-Corinto 13:1-3)



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

Tinatawag na 'Kabanata tungkol sa Pag-ibig' ang ika-13 kabanata ng 1 Mga Taga-Corinto. Binibigyan nito ng kahalagahan ang pag-ibig bago ipaliwanag ang tungkol sa espirituwal na pag-ibig. Kahit mayroon tayong sapat na pagkain, damit, tirahan, at walang kulang sa atin, kung wala namang pag-ibig, lahat ng pag-asa at dahilan para mabuhay ay wala na. Sa madaling salita, ang pag-ibig ang pinakamahalagang bagay sa buhay natin.

Sinasabi sa 1 Mga Taga-Corinto 13:13, "At ngayon ay nananatili ang tatlong ito: ang pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig, ngunit ang pinakadakila sa mga ito ay ang pag-ibig." Kahit ang wika natin ay tulad ng sa mga anghel, may kaloob na magpropesiya, mayroong pananampalatayang nakakapagpalipat ng bundok, kayang ipamigay ang lahat ng pag-aari para mapakain ang mga mahihirap, at ibigay ang katawan para sunugin, kailangan natin ng tunay na pag-ibig para maging perpekto ang lahat ng gagawin natin.

### 1. Kahit magsalita ako ng wika ng tao at mga anghel

Hindi ang 'wika ng tao' ang tinutukoy na isa sa kaloob ng Banal na Espiritu kundi ang lahat ng wikang ginagamit sa mundo tulad ng Ingles, wika ng mga Tsino, at wika ng mga Ruso. Kapag titingnan natin kung paano umunlad ang sibilisasyon hanggang sa mga inapo dahil sa wika, makikita natin ang napakalaking kapangyarihan ng salita.

May kapangyarihan ang mga wika na haplusin ang kalooban ng mga tao para maraming bagay ang pwedeng maisagawa at mangyari. Kung magagawa nating piliin ang mga salitang sasabihin natin na may magandang tinig na tulad ng mga anghel, mas kahanga-hanga ito!

Kung magsasalita tayo ng mga wika ng tao at mga anghel, pero wala namang espirituwal na pag-ibig, magiging parang maingay na batingaw at pompiyang tayo. Ang tunog ng batingaw ay walang laman at magaan. Katulad natin na parang ipa kung wala tayong espirituwal na pag-ibig. Kung puno tayo ng pag-ibig bilang mga anak ng Diyos na tumutulad sa Kanya, magiging mahalaga tayo na parang trigo sa harapan Niya na Siyang nangangalaga sa sangkatauhan. Kapag may sasabihin tayo, dapat isipin natin ang mga salitang makakatulong sa ibang tao, "Ano kayang pwede kong sabihin para lumakas ang loob niya?" at "Paano ko kaya siya tutulungang malaman ang katotohanan?"

Sa Juan 8, dinala ng mga eskriba at Fariseo kay Jesus ang isang babaing nahuling nangangalunya at sinabi sa Kanya, "Sa kautusan ay ipinag-utos sa amin ni Moises na batuhin ang mga ganyan; ano ngayon ang Iyong masasabi tungkol sa kanya?" Kung sinabi Niyang batuhin ito, sasabihin nilang wala Siyang pag-ibig. Kung sasabihin naman Niyang patawarin ito, sasabihin nilang binabalewala Niya ang batas. Sinimulan ni Jesus na isa-isang isulat sa lupa ang mga kasalanan nila. Dahil nakita nila ang listahan ng mga kasalanan nila, nakonsiyensya sila at nagsialis. Ang naiwan lang ay si Jesus at ang babae. Sinabi ni Jesus sa kanya, "Hindi rin kita hahatulan. Humayo ka na, at magmula ngayo'y huwag kang magkasala."

Ang mga salitang may espirituwal na pag-ibig ay may kapangyarihang magbigay ng buhay. Pero kung ipipilit mo ang mga ideya mo sa ibang tao o kung tutukuyin mo ang mga mali nila sa mga sasabihin mo, hindi mo sila matutulungang magbago ni bigyan ng tunay na buhay, kahit tama ang mga sinasabi ninyo.

### 2. Kung mayroon akong kaloob ng propesiya, nauunawaan ang lahat ng mga hiwaga at ang lahat ng kaalaman, at kung mayroon akong buong pananampalataya upang mapalipat ang mga bundok

Kadalasan, ang propesiya ay tungkol sa mga bagay na mangyayari. Sa Biblia, nagpopropesiya ang mga tao tungkol sa tukoy na bagay kapag tinanggap nila ang kalooban ng Diyos at inudyukan at binigyan ng inspirasyon ng Banal na Espiritu. Hindi ito mangyayari ayon sa kalooban ng tao (2 Pedro 1:21).

Pero ang 'kaloob ng propesiya' na makikita sa kabanata tungkol sa Pag-ibig ay hindi tumutukoy sa kaloob na ibinigay sa ilang tao lang. Ito ay ang malaman sa simula pa lang at maipahayag na ang mga ligtas na kaluluwa ay aagawin sa himpapawid kapag bumalik ang Panginoon, at pagkatapos ay magkakaroon ng pitong taong Piging ng Kasalan. Ang mga hindi ligtas na kaluluwa naman ay magdurusa sa pitong taong Malaking Kapighatian at mapupunta sa Impiyerno pagkatapos ng Paghuhukom ng Malaking Tronong Puti.

Ang 'mga hiwaga' dito ay tumutukoy sa mga misteryong nakatago bago pa ang simula, ang mensahe ng krus. Ito ay ang kalooban ng Diyos na inihanda Niya bago pa ang lahat para iligtas ang sangkatauhan. Batid ng Diyos na magkakasala ang tao at patungo sa kamatayan, kaya inihanda Niya si Jesus bilang Tanging Tagapagligtas natin. Itinago ito ng Diyos dahil kung nalaman ni Satanas ang tungkol dito, ang misteryong ito ay hindi matutupad dahil pipigilan niya ito.

Akala ng kaaway na diyablo at Satanas na mahahawakan nila ang kapangyarihan na ibinigay sa kanila dahil sa pagkakasala ni Adan kung papatayin nila si Jesus. Kaya inudyukan nila ang masasamang tao at ipinapako sa kanila si Jesus. Pero kabaliktaran ng inaasahan nila, nabuksan ang daan patungo sa kaligtasan dahil sa pagpatay nila kay Jesus na walang bahid ng kasalanan. Kahit batid natin ang tungkol sa kahanga-hangang misteryong ito, kung wala tayong espirituwal na pag-ibig at kung hindi natin ito ipapangaral, balewala ito.

Ganito rin ang tungkol sa kaalaman. "Ang lahat ng kaalaman" ay hindi tumutukoy sa kaalamang natututuhan sa eskwelahan, kundi sa kaalaman ng katotohanan na nakasulat sa Biblia. Kung kilala natin ang Diyos, dapat natin Siyang pagtiwalaan mula sa kaibuturan ng mga puso natin, katagpuin at maranasan Siya. Kung hindi, ang kaalaman natin ay kaalaman lang na magiging pamantayan ng paghusga at paghatol natin sa iba. Kaya ang kaalaman na walang espirituwal na pag-ibig ay walang saysay.

Kung mayroon tayong "buong pananampalataya" na kayang magpalipat ng bundok pero walang pag-ibig, wala tayong kabuluhan. Sandaling nakapaglakad si Pedro sa tubig nang makita niyang lumalakad si Jesus sa tubig dahil nanalig siya. Pero wala siyang espirituwal na pag-ibig, at sa bandang huli, nang malagay sa panganib ang buhay niya, ikinaila niya si Jesus dahil hindi pa niya tinatanggap ang Banal na Espiritu at hindi pa siya napapabanal.

Kapag naranasan natin ang Diyos, lalago ang pananampalataya; gayon pa man, lumalago ang espirituwal na pag-ibig sa atin kung pagsisikapan nating iwaksi ang mga kasalanan natin. Hindi ito nangangahulugang walang kinalaman sa isa't isa ang pananampalataya at ang pag-ibig. Sa pamamagitan ng pananampalataya, gusto nating iwaksi ang mga kasalanan natin at ibigin ang Diyos.

### 3. At kung ipamigay ko man ang lahat ng aking ari-arian para mapakain ang mga nangangailangan at ibigay ang aking katawan para sunugin

Ang mga tumutulong sa mga mahihirap para magyabang ay lalong magmamalaki kapag pinuri sila. Akala nila matuwid sila kaya hindi nila nililinis ang mga puso nila. Nakakasira ito sa kanila. Pero sa mga tumutulong ng may pagmamahal, hindi mahalaga kung kikilalanin ang mga ginagawa nila o hindi. Nagtitiwala kasi sila sa Diyos, na nakakakita ng mga lihim, babayaran Niya ng mga biyaya at gantimpala ang mga gawa nila (Mateo 6:3-4).

Pareho din ito ng pagsasakripisyo. Ang 'ibigay ang katawan para sunugin' ay nangangahulugang ganap na sakripisyo ng sarili. Syempre, pwede nating isakripisyo ang sarili natin kung mayroon tayong pag-ibig. Pero pwede din nating gawin ito kahit walang pag-ibig. Sa madaling salita, nagrereklamo tayo pagkatapos gumawa ng gumawa, o kaya, hindi tayo mapalagay kapag hindi napapansin ang pagsisikap, pagmamalasakit, oras, o perang iniambag natin. Hinuhusgahan natin ang ibang taong hindi tapat sa gawain, sinasabi natin, "Bakit wala silang ginagawa kahit sinasabi nilang mahal nila ang Diyos?" Kung ganito ang kalooban natin, maguguluhan tayo at makikipag-away sa kapwa. Kaya walang pakinabang ang pagsasakripisyo natin.

Bakit nagsasakripisyo tayo nang walang pag-ibig kahit mayroon tayong pananampalataya? Dahil wala sa diwa natin ang pagmamay-ari na 'ang sa Diyos ay sa akin, at ang sa akin ay sa Diyos.' Kung puno ng espirituwal na pag-ibig ang mga puso natin, pwede nating isakripisyo ang sarili natin para sa Panginoon, may nakakakita man o nakakapansin sa atin o wala.

Mahal kong mga kapatid, idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na magkaroon nawa kayo ng espirituwal na pag-ibig sa walang pasubaling pagsasakripisyo ng sarili tulad ng isang kandilang nagbibigay ng liwanag sa kadiliman.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 235-3, Guro-Dong3, Guro-Gu, Seoul, Korea (152-848)
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: www.manmin.org/english
Email: manminministry@gmail.com
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin



# Si Gabriel Arkanghel at ang Ibang mga Anghel

Naplano na ng Diyos ng pag-ibig ang 'pangangalaga ng sangkatauhan' para tamasahin ang tunay na kaligayahan at ibahagi ang pag-ibig sa mga anak Niya na tumutulad sa Kanya sa magandang Langit. Nilikha Niya ang lahat ng bagay para matupad ang planong ito. Kasama sa mga nilikha Niya sa planong ito ang mga espirituwal na mga nilalang tulad ng mga anghel at kerubim na tumutulong sa gawain Niya. Sa pagdiriwang ng Pasko, alamin natin kung ano ang tungkulin ng mga anghel sa pangangalaga ng sangkatauhan. Sa pamamagitan nito, isapuso natin ang pag-ibig ng Diyos na Manlilikha para sa atin.

### ◈ Hindi Mabilang na mga Anghel

Ang kabuuang dami ng mga anghel na nilikha ng Diyos ay hindi natin mabibilang. Ang mundo nila ay mas maayos pa kaysa sa mga gobiyerno, hukbo, o kahit na anong organisasyon dito sa mundo. Maayos nilang isinasagawa ang mga tuntunin at sinusunod nila ang utos ng pinuno.

Ang arkanghel ay pinuno ng isang grupo ng mga anghel at katumbas ng ministro sa isang sangay ng pambansang gobiyerno dito sa mundo. Sila ang mga kamay, paa, mata, at tainga ng Diyos, at nagsisiyasat at nagmamanman sa iba't ibang lugar. Tumatanggap sila ng utos mula sa Diyos at sa Kanya rin sila nag-uulat. Hindi mabibilang ang mga anghel na nasa ilalim ng pamumuno ng mga arkanghel.

Ang pinaka halimbawa ng isang arkanghel ay si Gabriel na siyang naghahatid ng mahahalagang mensahe ng Diyos tulad ng mga sagot sa mga dalangin, o mga pahayag tungkol sa mga mangyayari sa hinaharap (Lucas 1:19, 26; Daniel 9:21-23). Si arkanghel Miguel ang punong heneral ng hukbo sa Langit. Nakikipaglaban si Miguel sa masasamang espiritu, at kung minsan, siya na mismo ang pumupuksa sa puwersa ng kadiliman (Apocalipsis 12:7-8; Daniel 10:13-14).

Marami pang ibang klaseng anghel; mga anghel na nagpoprotekta sa tao mula sa panganib (Daniel 6:22; Ang Mga Gawa 12); mga anghel na nagdadala ng mabangong samyo ng mga panalangin natin sa trono ng Diyos (Apocalipsis 8:3-4); mga malalakas na anghel (Apocalipsis 10:1, 18:21); mga anghel na nagsasagawa ng hatol ng Diyos (2 Samuel 24:16); mga hukbo ng Langit (Mga Awit 103:21; Lucas 2:13); mga anghel na tumutulong sa mga anak ng Diyos (Sa Mga Hebreo 1:14); at ang mga anghel na nagsusulat ng lahat ng mga salita at gawa ng mga tao sa Langit (Mateo 18:10).

### ◈ Si Arkanghel Gabriel – nagbalita ng kapanganakan ni Jesus

Inilalarawan sa Lucas 1:26-38 na si arkanghel Gabriel ay ipinadala ng Diyos para sabihin kay birheng Maria ang kapanganakan ni Jesus.

Nagpakita si Gabriel kay Maria na taga lungsod ng Nazaret sa Galilea, at sinabi, "At ngayon, maglilihi ka sa iyong sinapupunan at magsisilang ka ng isang anak na lalaki, at tatawagin mo siya sa pangalang Jesus." At sinabi ni Maria, "Paanong mangyayari ito samantalang ako'y wala pang nakikilalang lalaki?" Siya ay isang birhen at nakatakda pa lang na ikasal kay Jose.

At sinabi ni Gabriel, "Bababa sa iyo ang Espiritu Santo at lililiman ka ng kapangyarihan ng Kataas-taasan. Kaya't ang batang banal ay tatawaging Anak ng Diyos." Ang ibig niyang sabihin ay ipaglilihi ni Maria ang isang sanggol sa kapangyarihan ng Diyos at Banal na Espiritu. Nakinig si Maria at sinabi, "Narito ako na alipin ng Panginoon; mangyari sa akin ang ayon sa iyong salita." Sa ganitong paraan tumatanggap ng utos si arkanghel Gabriel mula sa Diyos at nagpapakita siya mismo sa mga tao at naghahatid ng mahahalagang mensahe.

### ◈ Mga anghel na tumutulong at nagpoprotekta sa mga mananampalataya

May mga anghel na gumagawa ng tungkulin nila sa espirituwal na kaharian, at may mga anghel din na tumutulong sa mga anak ng Diyos dito sa lupa (Sa Mga Hebreo 1:14). Mapoprotektahan ng mga anghel ang mga amo nila kung nananahan ang mga ito sa Salita ng Diyos. Kung gaano kalaki ang pananampalataya nila at paglago ng espiritu ganoon din kalaki ang kakayahan ng mga anghel na nag-aalaga sa kanila.

Iba't iba ding mukha at ugali ang pwedeng ipakita ng mga anghel na ito, ayon sa nararamdaman nila. Kung ang amo nila ay umaawit ng mga papuri at buong galak na sumasayaw, maligayang gumagaya ang mga anghel. Kung may tinatawanan ang amo nila, tumatawa din sila. Kung malungkot ang amo, malungkot din ang anghel, nakaupo lang at walang magawa. Kung ang amo ay naninira at namimintas ng ibang tao, lumalayo sa kanya ang mga anghel ayon sa katuwiran ng Diyos. At kung mangyayari ito, hindi nila maprotektahan ang amo nila.



### ◈ Ang mga anghel na naghahatid ng insenso ng mga dalangin ng mga mananampalataya

May mga anghel na tumatanggap ng insenso ng mga dalangin ninyo (Apocalipsis 8:3-4). Ang ranggo ng mga anghel na nagdadala ng insenso ay iba-iba, ayon sa kung gaanong insensong mula sa puso natin ang tinatanggap ng Diyos. Ang insenso ng mga dalangin ay iniipon sa isang gintong lalagyan. Dinadala ng isang anghel na may mataas na ranggo ang mga gintong lalagyan paitaas at ipinapasa ito sa anghel na may mas mataas na ranggo. At dinadala ng arkanghel na ito ang malaking lalagyan sa gintong altar sa harapan ng trono ng Diyos.

### ◈ Mga anghel na nagtatala ng iniisip, nararamdaman, sinasabi, at ginagawa ng mga tao

May isang anghel sa langit na nakatalaga sa bawat isang tao dito sa lupa. Isinusulat ng anghel ang bawat sinasabi at ginagawa ng taong iyon. Detalyado ang pagtatala ng mga anghel na ito ng bawat iniisip, nararamdaman, sinasabi at ginagawa ninyo. Bawat detalye ay dinadala nila sa arkanghel ayon sa pagkakasunod-sunod. Nag-uulat din sila sa iba pang arkanghel. Ang ulat na ito ay ilalagay sa gintong lalagyan sa trono ng Diyos (Mateo 18:10). Maaaring siyasatin ng Diyos ang lahat ng mga tao dahil sa tungkuling ito ng mga anghel.

### ◈ Ang anyo ng anghel ay halos kapareho ng tao

Ang anghel ay halos katulad ng tao ang anyo kaya lang mayroon itong pakpak (Marcos 16:5; Juan 20:12; Ang Mga Gawa 1:10-11). Gayon pa man, maaaring magkaroon sila ng anyo at katangian na pambabae o panlalaki batay sa tungkulin na gagampanan nila. Halimbawa, kung may isang anghel na ang tungkulin ay magpanggap na heneral ng isang hukbo, anyong lalaki siya. Ang anyong babae naman ay mas nababagay sa kumakanta at sumasayaw. Pero hindi sinasabing walang anghel na anyong lalaki ang sumasayaw.

Ang mga katangian ng mga anghel ay iba-iba din ayon sa tungkuling ibinigay sa kanila. Halimbawa, ang mga anghel na kumakanta at sumasayaw ay humalakhak din. May mga anghel na mapaglaro, mahusay silang magpatawa. Sa kabilang banda, ang mga anghel na nagpapanggap na guwardya ay hindi tumatawa. Mayroon ding mga anghel na binigyan ng kakaibang tungkulin sa espirituwal na kaharian, at may mga ibang anghel ding tumutulong sa mga anak ng Diyos dito sa lupa.

## "Nakilala Ko ang Diyos sa Timog Korea, Lumaya Ako! Parang Nasa Langit na Ako"

**Diakonesa Hyanggi Oh** (Hindi tunay na pangalan, The Love of the Lord Mission)

Noong Hunyo 2006, nakalabas ako sa Hilagang Korea matapos danasin ang iba't ibang paghihirap na nagdala sa akin sa Tsina at Thailand. Sa wakas, nakarating ako sa malayang lugar ng Timog Korea, dahil sa biyaya ng Diyos. Magmula noon, nabubuhay ako sa suporta ng gobiyerno nang walang problema. Hindi ako nahirapan sa bagong kapaligiran ko dahil marunong akong makibagay sa ibang tao.

Noong Hunyo 2008, nagkaroon ng malaking pagbabago sa buhay ko nang magpakasal akong muli sa isang 'refugee' (takas) mula sa Hilagang Korea. Ito ay nang magparehistro ako sa Manmin Central Church sa tulong ng kaibigan ng asawa ko at makatanggap ng libro tungkol sa talambuhay ni Dr. Jaerock Lee na *Tasting Eternal Life Before Death*. Natapos ko agad ang pagbabasa nito. Naantig ang damdamin ko.

Sinimulan ko ring basahin at ibuod ang iba pang libro ni Dr. Lee na *Ang Mensahe ng Krus, Ang Sukatan ng Pananampalataya, Ang Langit I & II*, at *Impiyerno*. Damang-dama ko ang pag-ibig ng Diyos sa mga librong ito dahil ang puso at kalooban Niya ay nandito at lumago ang pananampalataya ko. Masaya ako sa pagsulong ng buhay Cristiano ko. Malaki ang tulong na nagawa sa buhay ko ng Love of the Lord Mission ng Manmin Central Church. Ito ay isang misyon na binubuo ng mga taong tumakas mula sa Hilagang Korea. Ang pag-ibig at dedikasyon ni Dr. Lee para sa amin ay napaka-espesyal.

Sa loob ng mahabang panahon, sumasakit at nangangati ang mga mata ko. Madalas itong namumula at nagmumuta. Kaya malabo ang paningin ko kahit nakasalamin ako. Nasuring mayroon akong katarata dahil na rin sa edad ko, at kailangan akong maoperahan sa ospital. Pero gusto kong gumaling sa pamamagitan ng pananampalataya sa Espesyal na Pagtitipon na may Pagpapagaling ni Dr. Jaerock Lee. Pinaghandaan ko ito sa pananalangin.

Noong Hunyo 10, 2011, ipinatong ni Dr. Lee ang kamay niya sa mga mata ko. May mainit na liwanag na bumalot sa akin. Madilim at malabo dati ang paningin ko. Pero kahanga-hangang naging malinaw ito kaagad, 20/20 na! Kaya ko nang magpasok ng sinulid sa karayom at nababasa ko ang maliliit na sulat kahit 70 taon na ako. Noong araw na gumaling ang paningin ko, gumaling din ang kirot sa tuhod ko na resulta ng operasyon. Pati altapresyon ko ay gumaling din.

Para ibalik ang pagpapala ng mabuting Diyos, sumusulat ako ng sarili kong libro tungkol sa Katapatan. Isinusulat ko ang mga bagay na ginagawa ko para sa Kanya. Kaya naging natural na para sa akin na maghanap ng maaaring gawin para sa kaharian Niya. Mula noong Hulyo 2012, nagsisikap akong magbahagi ng ebanghelyo sa mga tao sa ginagawa kong pamimigay ng may 1,500 kopya ng *Balitang Manmin*. Masayang-masaya ako dahil nakilala ko ang buhay na Diyos sa Timog Korea at nagkaroon ako ng tunay na kalayaan sa pag-ibig Niya. Nagpapasalamat ako ng taos-puso sa Panginoon na nagbibigay sa akin ng mainit na pagmamahal at kay Dr. Lee na gumagabay sa akin patungo sa biyaya ng salita ng Diyos.





G. Pierre Blat at Gng. Aline Blat

## "Gumaling at Nagbago ang Buhay Ko Dahil sa Panalanging Lampas sa Distansya at Panahon"

**G. Pierre Blat**
(Hainaut Manmin Church, Belgium)

Ako at ang asawa ko ay 40 taon nang Cristiano at tapat na naglilingkod sa iglesya namin. Nananalangin at nagbubulay kami sa Salita sa loob ng mahabang panahon. Pero nagbago ang buong buhay ko magmula nang dumalo ako sa Hainaut Manmin Church na tinutulungan ni Misyonera Christina Roh.

Kamakailan lang, binasa ko ang libro ni Dr. Jaerock Lee na *Ang Mensahe ng Krus*. Dahil dito, naunawaan ko ang kalooban ng Diyos para sa kaligtasan sa pamamagitan ni Jesu-Cristo. Dahil nadama ko ang pag-ibig ng Diyos at ng Panginoon, lumago ang pananampalataya ko.

Dalawang beses na akong naooperahan sa puso at kailangang naka-'respirator' ako sa loob ng 24 oras dahil hindi ako makahinga. Mataas ang 'blood sugar' at 'cholesterol level' ko kaya nagtuturok ako ng insulin dalawang beses sa isang araw. Noong Nobyembre 16, 2012, humiling ako ng panalangin sa Manmin Central Church sa pamamagitan ng internet. Tinanggap ko ang panalangin ni Dr. Lee na lumalampas sa distansya at panahon sa magdamag na pagsamba tuwing Biyernes.

Pagkatapos ng panalangin, kahanga-hangang nawala na ang problema ko sa paghinga, hindi ko na kailangan ng respirator. Sa pagsusuri, nakitang bumaba ang antas ng Hemoglobin A1c ko, mula sa 8.0 ay 6.1 na lang at ang cholesterol ko ay naging normal na. Naging malinis ang dugo ko, parang dugo ng 20 taong gulang. Lahat ng pagpapasalamat at luwalhati ay para sa Diyos na may Tatlong Persona na nagbigay sa akin ng espirituwal at pisikal na biyaya.

## "Pagkatapos Pahiran ng Muan Sweet Water, Nawala ang Pangangati at Gumaling ang mga Sugat ng Anit"

**Giovanna Pando** (Peru Manmin Church)



Noong simula ng 2012, nagkaroon ng impeksyon sa anit si Ana, ang 5 taong gulang kong anak. Nagnanana ito kaya makati at masakit. Nalagas din ang buhok niya. Hindi masabi ng mga doktor kung ano ang dahilan ng sakit niya. Uminom siya ng mga gamot pero mas lalong lumala at kumati ang anit niya.

Pinayuhan ako ng isang mananampalataya mula sa Peru Manmin Church na gamitin ang Muan Sweet Water. Sinabi niya na pagagalingin ng Diyos ang anak ko kung may pananalig kong ipupunas ito. (Ang Muan Sweet Water ay tubig na may kapangyarihan ng Diyos. Ito ay dating tubig-alat na naging tubig na maaaring inumin dahil sa panalangin ni Dr. Jaerock Lee.)

Taimtim akong nanalangin at ipinunas ang Muan Sweet Water sa anit ng anak ko. Himalang natuyo ang mga naknak sa anit niya at naging sugat na lang ang mga ito. Pagkalipas ng anim na araw, natuklap na ang mga langib at tumubo na ulit ang buhok niya. Hallelujah!

### Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Philippines
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Philippines
Pastor Peter Bae
Pastor Crystal Lee
0910-262-5465

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Philippines
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
0905-649-1120

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, philippines
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Philippines
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4
Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City Cebu, Philippines
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Philippines
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714